

Pagsasalamin ng Mimesis sa Kultura ng Sibonganhon sa mga Piling Awiting-bayan

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 126-134
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557

Marcel E. Baril MA¹ and Elsie T. Alvarado, DA, PhD²
Filipino Faculty, Sacred Heart School-Ateneo de Cebu¹
Associate Professor III, Cebu Normal University²
marcelbaril200bgmail.com¹; elsiealvarado81@gmail.com²

***Abstract** – This study aims to gather and analyse the lyrics of the selected folk songs of Sibonga, Cebu in order to reveal the mimesis in culture of Sibonganhon. It specifically analyse the following: 1) themes; 2) symbolisms; 3) cultural values. Content analysis method is used to analyse the content of twenty (20) folk songs based on the Mimetic Theory and Social Dimensions of Culture. The findings of the study reveal the themes such as kahirapan, pagkakaibigan, courtship and marriage, beliefs, conception, mourning and bereavement and these symbolizes the Sibonganhon to be methodical in living their tradisyon and strong family ties in order to value the culture economically, socially, politically and spritually. Based from the findings, it is conluded that the themes, symbolisms and cultural values reflected in the selected folk songs of Sibonganhon. Thus, the study suggests that the anthology of the selected folk songs will be used in teaching Filipino Grade 7 in order to promote the local literature.*

***Key Words:**, Culture, cultural values, mimesis, symbolisms, and themes*

PANIMULA

Isang bukas na talaarawan ng mga mamamayan ang panitikan. Sa talaarawang ito, mababasa ang mahahalagang kaganapang nangyayari sa kanilang buhay at paraan ng kanilang pakikipamahayag (Hufana 158). Kung uugatin ang panitikan ayon kay Abueg (2) makikita ang corpus (katawan) nito sa oral na tradisyon, mga panitikang hindi nakalimbag sa iba't ibang anyo bago pa man lumaganap ang ideya ng eksplorasyon. Ito ay nasa anyong orasyon ng mga ritwal, bugtong, salawikain, epiko, awit at iba pa. Ibig sabihin ay mahalagang pagtutuonang-pansin at siyasatin ang mga oral tradisyon upang mapangalagaan at maisatitik ngayon at sa susunod pang henerasyon. Isa sa mga oral tradisyon na kinahihiligan ng mga Pilipino bilang libangan ay awiting-bayan.

Sa paglilinaw nina Vegafria at Luz [12] ang mga awiting-bayan ng mga Pilipino ay pumapaksa ng iba't ibang pamumuhay at pag-uugali ng mga tao, ng mga kaisipan at damdamin ng bayan, ipinahahayag din dito ang mga katangian at kasiglahan sa buhay ng ating mga ninuno. Ang mga ito ay nagpapahayag ng damdamin, kaugalian, hanapbuhay at paniniwala ng mga Pilipino. Malaki ang impluwensya ng mga awiting bayan sa kasaysayan ng daigdig. Sa katunayan nito, bawat lugar ay may kanya-kanyang pagkakakilanlang awiting-bayan na naglalarawan at nagpapakilala sa kultura ng mga mamamayan.

Masasabing isa sa mga pinakamatandang uri ng panitikang Pilipino ang awiting-bayan. Bago pa man

sinakop ng mga Kastila ang Pilipinas, may mga awiting-bayan na sa iba't ibang sulok ng bansa. Ito ay naglalarawan ng kalinangan ng nakaraang panahon kasabay ng mga pagbabago sa buhay ng mga Pilipino mula sa iba't ibang kaganapan sa kasaysayan. Ang awiting-bayan ay naging pasalitang talaarawan upang maipasa sa mga sumunod pang henerasyon ang kanilang kultura - tradisyon, pamumuhay, paniniwala, at pagpapahalaga. Ito ang dahilan kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay nananatiling buhay (life) ay buhay (dynamic) ang kultura mula sa iba't ibang sulok ng bansa.

Isa ang Sibonga sa mga bayang hitik sa awiting bayan. Ang salitang Sibonga ay galing sa salitang “bonga” na ang ibig sabihin ay isang uri ng puno na kahawig ng niyog. Ngunit sa kasalukuyan, ito ay mas inilapit ng mga Sibonganhon sa bonga o resulta ng kanilang mga panalangin, pangarap at araw-araw na gawain, lalo na sa pagtatanim. Gabay ang matinding paniniwala at pananampalataya sa Panginoon sa tulong ng kanilang patron na sina Sta. Filomena at Nuestra Senyora del Pilar, nabubuhay ang mga tao rito sa pamamagitan ng pagsasaka, pagtutuba, pangunguling, pagbubuli, pangangaso, pangingsda, at iba pang mapagpapakitaan kaugnay sa agrikultura lalo na ang mga nakatira sa bukiring bahagi ng lungsod. Maliit lamang ang lungsod at magkakilala ang mga tao kaya sa maliliit na umpukan, sa mga mumunting pagdiriwang, kapistahan at pagtitipon, o di kaya ay pagkatapos ng buong araw na pagtatrabaho ay nabubuo ang linya ng

kanilang mga orihinal na awitin. Ito ay katotohanang kumikilala sa pagka-awtentiko ng mga dimensyong kultural ng isang lugar. Malaki ang papel na ginagampanan ng mga gawaing ito sa kanilang buhay dahil dito nabubuo ang pagkakaibigang pinagtibay ng sariling kamalayan, pananaw bilang iisang lahi, ng iisang pagkakakilanlan, ng isang kultura.

Gayunpaman, ang gawing ito ng mga Sibonganhon ay nahaharap sa malaking hamon. Unti-unti nang naglaho ang magagandang awitin sa paglipas ng mga taon at dahil sa walang nakasulat o nakalimbag na papel tungkol dito, nahihirapan ang lokalidad na itaguyod o iugat ang mga pagpapahalagang kultural batay sa mga awiting ito lalo na sa mga paaralan at pampublikong pagpupulong alang-alang sa kapakanan ng bagong silang at bagong tubong henerasyon. Dagdag pa, unti-unti na ring namamatay ang matatandang may potensyal na itaguyod ang mga awiting ito dahil sila ang mas nakakaalam nito ngunit dahil bigo silang itala at ilathala ang mga ito ay namamatay na rin kasabay ng kanilang paglisan sa mundo. Ayon kay Padre James O'Brian sa pag-aaral ni Abrenica, hindi masisisi ang mga kabataan kung sila man ay walang alam sapagkat nagkulang din ang kanilang mga guro, mga magulang, mga paaralan at ang pamayanan sa pagkalap, pag-ingat at pagpapalaganap ng makulay at mayamang kasaysayan at kalinangan ng nasabing lalawigan. Sa katunayan, marami na rin ang pag-aaral na tumutugon sa pagsusuri ng iba't ibang mga awiting bayan sa Pilipinas, lalo na sa mga pangkat-etnikong namumuhay pa rin sa bansa.

Kaya, ang pag-aaral na ito ay nagnanais na malikom at masuri ang mga awiting-bayan mula sa Sibonga. Sa pamamagitan nito, mapapanatiling buhay at may buhay ang kultura ng mga Sibonganhon para sa mga bago at darating pang henerasyon. Magsisilbing daan ito upang mapanatili at maisatitik ang kultura ng mga mamamayan ng Sibonga. Sa pamamagitan ng isang antolohiya ng mga awiting-bayan ng Sibonga maisabuhay at hindi na mabubura ang yamang pilit na nilimot ng panahon, sa halip ay mapangalagaan pa sa susunod pang henerasyon. Malaking katugunan din ang antolohiya bilang kagamitang instruksiyonal sa mga kursong panliteratura, at bilang pangganyak sa mga paksang may kaugnayan dito sa pampubliko at pampribadong mga paaralan.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nilalayon ng pag-aaral na malikom at masuri ang liriko ng mga awiting-bayan ng Sibonga Cebu upang maisasalamin ang mimesis sa kultura ng mga Sibonganhon. Tinitiyak na mailahad ang mga tema, mga simbolismo, mga pagpapahalagang kultural.

INSTRUMENTO AT KAGAMITAN NG PANANALIKSIK

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pagsusuring pangnilalaman ayon sa kuwalitatibong disenyo upang masuri ang tema, simbolismo, at pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa bawat awiting-bayan ng Sibonga na sinusupportahan ng teoryang Mimetiko at Dimensions of Culture. Mayroon itong tatlong hakbang: (1) pangangalap, kung saan ay ginawa ang *convenient sampling* (2) pagsusuri, kung saan ay sinuri ang liriko ng bawat awitin ayon sa tema, simbolismo, at pagpapahalagang kultural; at (3) pagbuo ng antolohiya, kung saan ay nilikom ang lahat ng mga nakalap awiting-bayan mula sa pangangalap.

Pinagmulan ng Datos

Target na mga tagatugon sa pag-aaral na ito ang mga Sibonganhong may bakanteng oras, handang lumahok, at pasado sa mga sumusunod na krayterya: (1) lumad na mamamayan ng Sibonga (2) may gulang limampu (50) pataas; (3) isinilang at/ lumaki sa lungsod ng Sibonga; at (4) may alam na awiting-bayan ng nasabing lugar.

Ginamit ang mga kagamitang gaya ng *voice at video recorder* para sa pagrerekord ng mga awiting-bayan habang ito ay aawitin ng mga tagatugon. Ito ay "Ang Buli", "Bagyong Urakan", "Bahalina", "Baki", "Bida Si Lola", "Biyuda", "Boluntaryo", "Dam", "Daygon", "Dayana", "Dos Compadres", "Eskwela", "Inday Francesca", "Kung Ako ang Mani-id", "Nanay, O Gab-I", "Preti Beybi", "SSDO", at "Tsitsaron". Ang pangangalap ng datos ay naisagawa pagkatapos mapagtibay ng Ethical Research Committee (ERC) sa pamantasan na isinaalang-alang ang kapakanan ng mga tagatugon.

Pagsusuring Pangnilalaman

Isa-isang sinuri ang nilalaman ng dalawampung (20) nakalap na awiting bayan batay sa tema, simbolismo, at pagpapahalagang kultural. Inilahad sa bahaging ito ang dalawang anyo ng tema ayon kina Fuentes at Alvarado, ang tematikong konsepto na sumasagot sa kung saan natutungkol ang isang akda, at ang tematikong pahayag na tumutukoy sa kabuoang mensahe hinggil sa paksa ng akda (3).

Sa pamamagitan ng pagtukoy sa tema ng bawat awitin, napapalawak ang saklaw ng pagsusuri sa pagpapahalagang kultural. Mailalarawan sa deskriptibong talahanayan sa ibaba ang ginawang pagsusuri.

Talahanayan 1. Mga Tema

Pamagat ng mga Awiting-Bayan	Tematikong Konsepto sa kultura	Tematikong Pahayag
Ang Buli	Paniniwala	Ang pagbubuli ay isang madiskarteng pamamaraan ng pagkakaroon ng makain tuwing tag-init kung kalian sa salat sa bigas ang mga tao.
Bagyong Urakan	Pananahanan	Ang bagyo ay isang matinding sakuna para sa mga tao.
Bahalina	Pag-aaliw	Ang kaligayahan ng tao ay hindi kailangang imported o mamahalin.
Baki	Pananahanan	Ang tao ay nasusubo sa maraming bagay, kahit hindi kanais-nais dahil sa pagkakaibigan.
Bida Si Lola	Pag-aaliw	Malaking salik ng kasiglahan ng tao ang pagsasayaw at ang kanyang kapaligiran.
Biyuda	Pananahanan	May iba't ibang preperensya sa pagpili ng mapapangasawa ang tao.
Boluntaryo	Paniniwala	Ang kahirapan resulta ng kurapsyon at hindi makatarungang sahod.
Dam	Pag-uukir	Ang uri ng pamumuno ng isang lider ay labis na nakaapekto sa paggawa.
Daygon	Pamamanata	Ang mga tao ay may matinding paniniwala kay Hesus.
Dayana	Panliligaw	Ang matanda ay hindi titigil na patunayan ang sarili hangga't kaya pa.
Dos Compadres	Pananahanan	Nagdudulot ng kasiyahan ang pagkakaibigan.
Eskwela	Pananahanan	Ang edukasyon ay kailangang pahalagahan ng bawat bata.
Inday Francesca	Paglilihi	Ang superstitious na paniniwala ay bahagi na ng buhay ng tao Sibonganhon.
Kung Ako Ang Mani-Id	Panliligaw	May impluwensya ng pera sa pag-ibig.
Luhang Nanubud-Tubod	Pagluluksa	Katumbas ng labis na pagmamahal ang labis na pagpapasakit.
Nanay	Pangungulila	Ang isang anak ay nangangailangan ng isang ina.
O Gab-i	Pananampalataya	Ang mga tao ay may matinding paniniwala kay Hesus.
Preti Beybi	Panliligaw	Nakabibighani ang kakaibang katangian ng probinsyana.
SSDO	Panliligaw	Pagpasok sa relasyong ipinagbabawal.
Tsitsaron	Pananahanan	Dahil sa kahirapan, nagiging mapamaraan ang tao para mabuhay.
Baki	Pananahanan	Ang tao ay nasusubo sa maraming bagay, kahit hindi kanais-nais dahil sa pagkakaibigan.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Mga Tema

Matutunghayan sa talahanayan 1 ang natuklasang temang taglay ng mga sinuring awiting-bayan ng Sibonga. Ang pagsusuri sa bahaging ito ay batay sa pag-aaral nina Fuentes at Alvarado, kung saan ay malinaw na inilahad ang dalawang anyo ng tema- ang tematikong konsepto na sumasagot sa kung saan natutungkol ang isang akda, at ang tematikong pahayag na tumutukoy sa kabuuang mensahe hinggil sa paksa ng akda (3).

Isa-isang sinuri ang konsepto ng bawat awiting-bayan sa pamamagitan ng pagtagpi-tagpi ng ibig ipakahulugan ng mga taludtud nito. Tinumbok ang pinakasentrong mensahe nito at ginawang basehan sa paglalahad ng tematikong konsepto. Ipinaliliwanag naman sa tematikong pahayag ang inilahad na konsepto. Ang binuong pahayag ay mula sa pagpapakahulugan sa mga

lina sa mga saknong, na batay rin sa kontekstong kahulugan ng mga tao sa nasabing lungsod.

Batay sa talahanayan 1, matutunghayan ang paglalarawan sa mimesis ng pananahanan, paniniwala, panliligaw, pananampalataya at pag-aaliw. Ipinapakita na sa kabila ng kahirapan nananaig pa rin kultura ng mga Sibonganhon na kayang lampasan ang lahat ng hanggat madiskarte sa buhay at magbanat ng buto para lamang may makain ang pamilya, pagkakaibigan kung saan mababanaag ang pagiging simple, kontento at pagiging magkatuwang sa maraming bagay. Natuklasan sa pag-aaral ni Due (163) ang mga di-materyal na kulturang nabibilang sa kaugalian at paniniwala, pampamilya, pagpapakasal at pag-aasawa, at magagandang katangian tulad ng pagiging mapamaraan, matatag, matiisin, mapayapa at mapagmahal sa kapwa, mapagbigay,

mapagmalasakit sa kapwa, mapagsamantala, mapagmahal sa pamilya, magiliw sa panauhin, matapang, hindi mapagtanim ng sama ng loob, matapat, matulongin at alisto.

Malilirip sa linyang:

O mga higala pamati-a ninyo
Akong kumpusuhon
ang buli nga kalan-on
Tiyempong matinggutom,
buli pagaputlon
Kay pobre wala na'y pagkaon

Sang-ayon sa awitin, nahaharap ang mga tao sa matinding gutom at pagtaas ng presyo ng mga bilihin kung kaya'y karamihan sa kanila ay nauwi sa #Diskarteng Buli. Hindi man madali ang prosesong ito mula pagputol hanggang maisaing ang buli, nakasanayan na ang gawaing ito sa probinsya ng Sibonga dahil sa kahirapang nararanasan. Ang pagputol ng buli ay hindi basta-batang ginagawa dahil sumusunod ito sa mga pani-paniwala tulad ng pagputol nito sa gabi, at kailangang sa kabilugan ng buwan para raw mas malaman ito. Matutunghayan sa linyang:

Magputol sang buli,
magtuman sang lihi
Dili putlo'g adlaw,
putlon la'g magabi-i
Dili putlo'g dulom, putlon la'g mabulanon
Pinutol sa daktol, buli maundanon

Maituturing na *superstitious* ang paniniwalang ito dahil sa kakulangan sa siyentipikong batayan. Ganoon pa man, patuloy itong sinusunod ng mga tao sa paniniwalang mas magiging malaman ang buli, nang sa ganoon ay mas marami ang kanilang makukuhang pagkain mula rito. Patunay lang na;

Lihi-an ta'g apog,
aron humok mapulpog
Unya ang punu-an
labayon ta'g itlog

Pinaniniwalaan din ng mga tao na sa pamamagitan ng paglililihi ng apog o abo at pagbabato ng itlog sa mismong puno, hindi sila mahihirapang durugin ang laman ng buli kaya mas napapadali ang kanilang trabaho. Ang paniniwala sa isang bagay ay isang kultura na nananahanan na sa mga mamamayang Cebuano. Bunga ng kanilang aktuwal na karanasan simula't sapul ay naging bahagi na ito ng kanilang pamumuhay.

Samantalang, malilirip ang panliligaw sa mga awiting-bayan gaya ng "Dayana," "Kung Ako ang Mani-id,"

"Preti Bebi," at "SSDO" na naging kinahihiligan sa mga Sibonganhon. Salamin pa rin ang pag-ibig sa madalas na kinagigiliwan nila sapagkat may natatangi kaparaan kung paano ipinapakita ang kanyang pag-ibig sa sinisinta. Walang pinipili ang pag-ibig hanggat ito ay siyang pinipintig ng puso. Patunay ang linyang;

Matud pa nila
Kuno ako tigulang
Apan wa lang sila masayud
Nga lig-on pa ang akong tuhod
Aber hala bi suwayi
Di ba ka mapuol ug kisi-kisi
Su plis sugta na Dayana

Sa saknong na ito, ipinagdiinan niyang masigla pa siya at kayang makipagsabayan sa mga kabataan, taliwas sa sinasabi ng lipunan. Gagawin ni lolo ang lahat, masuyo lamang si Diana kung kaya ay inilarawan niya ang kanyang sarili taliwas sa sinasabi ng mga taong siya ay matanda na at wala ng sigla ang pagkatao. Sa kabilang banda, inilalarawan din sa "Kung Ako ang Mani-id" ang dalawang magkaibang pagtanggap ng isang dalaga sa mahirap at mayamang manliligaw.

Kun ang kabus mamisita
Labay-labayan lang intawon
Kay dili makig-istorya
Kay kulang sa paghigugma

Sa saknong na ito, mapapansin ang hindi mabuting pagtanggap o pakikitungo ng dalaga sa kanyang manliligaw na mahirap lang sa buhay. Inilalarawan nito na ayaw itong kausapin dahil kulang sa pag-ibig. Hindi naging sukatan ang estado sa buhay sa pag-iibigan ng dalawang tao. Ito ay patunay na ang kultura mula noon hanggang ngayon ay ipinapamalas pa rin sa mga awiting-bayan ng Sibonganhon. Dagdag pa nito, makikita rin sa "Preti Bebi" ang paglalarawan sa tinitingalang katangian ng lalaki sa babaeng iniibig.

daw utot-utot

daw uy kipi-kiپی

Ang kamot ay manguyamot

Sa magkahiwala naman na linyang ito, inihahambing naman ang mga katangian ng isang dalagang probinsyana sa mga halamang utot-utot at kipi-kiپی, na nangangahulugang may kakaibang bango at mahinhin. Ang mga katangiang ito ay tumutukoy ngunit hindi tuwirang nagsasabi sa mga sumusunod: kasipagan, kawalang-arte, pagkamahinhin ngunit palaban, at kagandahang panloob. Nagpapatunay lamang na

pagkakarawan ng Pilipina sa awiting-bayan ay kagaya pa rin noon na hindi makabasag pinggan. Ito ay isang kultura ng panliligaw na sadyang nagpapakita ng paghanga ng kalalakihan at mas lalong naglakas-loob na gawin ang lahat mapasagot lamang ang kanyang sinisinta.

Inilalarawan naman sa “SSDO” ang kaparaanan ng Sibonganhon sa isang relasyon. Ito ay isang akronim sa pahayag na “Sikit-sikt- Dili Oyab”, isang katagang Cebuano na tumutukoy sa dalawang taong nagde-date pero hindi naman magkasintahan. Ito ay taliwas sa tradisyunal na pakikipagrelasyon dito sa Pilipinas, lalo na noong unang panahon. Gayonpaman, kahit pa noong una, may mga ganitong uri na ng pagpapalagayang-loob sa pagitan ng dalawang tao. Sa awiting SSDO, ipinagbuti ang ganitong estado ng relasyon kaysa sa pakikipagrelasyon may asawa na, na siya namang kabaligtran nito. Masisilayan ito sa linyang;

Mag-dating, mag-outing,
night clubing, mag-swimming
Ang tanang mga gasto,
inutang pa, ipatong pa’g tanto

Malinaw na sa panliligaw ay naging kultura na ang gumastos ng isang lalaki upang mapatunayan niya ang kanyang nararamdaman sa iniibig kahit umabot sa puntong mangutang o gagawa ng bagay na taliwas sa tama. Hindi naging balakid ang kahirapan ng isang lalaking Sibonganhon upang maipakita niya ang nilalaman ng kanyang puso. Ang senaryong ito ay pangkaraniwan sa Pilipinas mula noon at mapahanggang ngayon ay mababanaagan pa rin ito lalo na sa malalayong probinsya gaya ng Sibonga.

Tunay ngang sinasalaman ang tunay na kaganapan ng mga kultura sa buhay ng mga Sibonganhon partikular sa pananahanan, paniniwala, at panliligaw na kung saan taglay rin ito sa uri ng pananampalataya dahil sa likaw na may matinding pananalig ang mga Pilipino na siyang pamanang kultura ng mga Espanyol. Ito rin ay nagiging kultura ng pang-alihw ng mga Sibonganhon na masisilayan sa iba’t ibang uri ng pagdiriwang sa anumang okasyon.

Mga Simbolismo

Ang simbolismo ay isang kakaibang sining ng pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay na hindi nakikita sa pamamagitan ng mga simbolo. Makikita sa talahanayan 2 ang mga simbolismong nakapaloob sa liriko ng mga awiting-bayan ng Sibonga. Masusing

pinag-aralan at sinuri ang mga simbolismong ito batay sa relasyon ng pampahiwatig-ipinapahiwatig upang malinaw na mailahad ang mensahe nito. Ang mga simbolismong ito ay maaaring nagbabago ng kahulugan depende sa konteksto ng kultura at kapanahunan kung saan at kalian nalikha ang isang akda. Gayunpaman, magkaugnay ang mga kahulugang ito, o ‘di kaya, magkalapit ang mga simbolismong ginamit upang itago ang mensaheng nais nitong ipahayag. Kaya, sa pagsusuri ng isang simbolismo, nararapat lamang na tutukan ang relasyon ng bagay na ginamit bilang pahiwatig at ang kontekstwal na kahulugan nito o ang ipinapahiwatig.

Ayon kay Rose (1), ang simbolo ay tumutukoy sa bagay, tauhan, tagpuan, o pangyayari sa kuwento na may taglay na kahulugang lagpas sa literal, kung kaya’t nirerepresenta nito ng isang bagay na mahalaga sa pag-unawa sa kahulugan ng buong panitikan. Dagdag pa niya, ang mga simbolo ay may literal (kongreto) na kahulugan at matalinghaga o *figurative* na kahulugan.

Nababanaag ang mga simbolismong nagpapahiwatig ng pagiging mapamaraan tulad ng *buli* na tumutukoy sa isang punong kinakain tuwing tag-init bilang alternatibo ng bigas, at *tsitsaron* na itinitinda bilang hanapbuhay; pagiging simple at kontento na ipinapahiwatig ng *baki* o palakang kinakain, *bowl* o malaking tasa bilang panukat ng inumin, *sumsuman* o pulutan, *kinuter* o lambanog na nilalagyan ng itlog at tablea, *sista ug gitara* na ginagamit sa kantahan at kasiyahan; pagiging matapat sa mga kinagisnang tradisyon at paniniwala na ipinapahiwatig ng *batang bala-anon* na tumutukoy sa batang Hesus sa mga awiting pamasko, at *kanding* o kambing kung saan ay madalas ihambing ang batang takot sa tubig; pagiging masigla sa kabila ng katandaan na ipinapahiwatig ng *boogie* at *tuhod*; pagiging malapit sa magulang o mahal sa buhay na ipinapahiwatig ng *duyan* at *luha* na pawang nagsasaad ng matinding pangungulila; pagkakaroon ng pagnanasa o pagpapantasyang sekswal na ipinapahiwatig ng *katreng kawayan*, (*halamang*) *utot-utot*, at (*halamang*) *kipi-kiپی* ; at hindi pantay-pantay na pagturing sa mayaman at mahirap na ipinapahiwatig ng *singko* na tumutukoy sa hindi makatarungang pasahod, at *lingkuranan* na tumutukoy sa mabuting pagtanggap ng isang bisita kung ito ay maykaya sa buhay.

Talahanayan 2. Mga Simbolismo

Pamagat ng Awiting-bayan	Pahiwatig (Simbolo/Imahe)	Ipinapahiwatig (Kahulugang Kontekstwal)
Ang Buli	buli	pagkain ng mga mahihirap, alternatibo ng bigas
Bagyong Urakan	Urakan	sakuna sa buhay dulot ng kawalang kahandaan
Bahalina	bowl	pagkakontento, sapat na kasiyahan
Baki	baki sumsuman	isang eksotik na pagkain (palaka sa ilog) pulutan sa inuman na tumutukoy sa paksa ng kuwentuhan at tawanan
Bida si Lola	Boogie	pagkamasigla sa kabila ng katandaan
Biyuda	katreng kawayan	-kakayanan ng mag-asawang umintindi o mag-adjust sa bawat isa -pagnanasang sekswal ng mag-asawa
Boluntaryo	singko	-kahirapang kumita o maghanap ng trabahong matino
Dam	kinuter	insentibo sa pagtatrabaho
Daygon	batang bala-anon	batang Hesus na ginugunita ang kapanganakan tuwing Pasko
Dayana	tuhod	estado ng pangangatawan ng isang matanda
Dos Compadres	sista ug gitara	matalik na pagkakaibigang subok ng sining ng pag-awit.
Eskwela	libro	pagpapahalaga sa edukasyon
Inday Francisca	kanding	taong minsan lamang o ayaw maligo
Eskwela	libro	pagpapahalaga sa edukasyon
Inday Francisca	kanding	taong minsan lamang o ayaw maligo
Kung Ako ang Mani-id	lingkuranan	hindi pantay na pagtanggap sa mahirap at mayaman
Luhang Nanubud-tubod	luha	matinding pangungulila dahil sa pagpanaw ng mahal sa buhay
Nanay	duyan	-pangungulila ng anak sa ina
O Gab-i (Dakung Bulahan)	kamalig	pagpapakumbaba
Preti Beybi	(halamang) utot-utot (halamang) kipi-kiپی	-natural na bango ng dalagang probinsyana -pagkamihinhin ng dalagang probinsayana -pagpapantasya ng kalalakihan sa nakabibighaning katangian ng kababaihan
SSDO	bulsang nabalit-ad	-pagiging magastos o walang mabuting kontrol sa pera -pangungutang ng pera ngunit hindi makabayad dahil sa matinding kawalan.
Tsitsaron	tsitsaron	turismo, hanapbuhay

Mga Pagpapahalagang Kultural

Sa talahanayan 3, maingat na pinagtagpi-tagpi ang kontekstwal na pagpapakahulugan ng tema at simbolismong nasuri upang mapalutang ang mga pagpapahalagang kultural ng mga Sibonganhon. Ang mga ito ay tinitingnan batay sa iba't ibang dimensyong kultural na sukatan ni Bartle upang makuha ang kolektibong pagpapahalagang kultural ng isang lugar o grupo ng mga tao. Ito ay ang pagpapahalagang ekonomikal na nakatuon sa pagbibigay halaga sa salapi, produkto o serbisyo;

politikal na nakatuon sa paraan ng pagbibigay kapangyarihan at pagpapasya; institusyunal o panlipunan na nakatuon sa gawi, kilos, pakikipag-ugnayan, gampanin ng magulang, pakikipagkaibigan, katayuan sa buhay at pag-uugali; moral na nakatuon ayos ng kaisipan, pananaw ng tao sa mabuti at masama, kagandahan at kapangitan, tama at mali; at panghuli ay pagpapahalagang ispiritwal o panrelihiyon na nakatuon sa pinaniniwala sa Diyos, kalikasan ng langit, ng mundo, sa paligid niya, sa mga bagay na pinagmulan at maaaring kinalabasan ng tao [12].

Talahanayan 3. Mga Pagpapahalagang Kultural

Pamagat ng mga Awiting-bayan	Taludtud	Dimensyong Kultural
Ang Buli	*Tiyempong matinggutom, ang buli pagaputlon *Magputol sang buli, magtuman sang lihi	Ekonomikal: pagtitipid sa pera; pagtugon sa pangunahing pangangailangan Ispiritwal: paniniwala sa mga pamahiin, pagsamba sa buwan
Bagyong Urakan	*Wala hibalo-i abot dakong bagyo *Bangaw sa tanang mga tawo	Panlipunan: pagkatakot sa sakuna o kalamidad
Bahalina	*Sa kalami ganahan ka	Ekonomikal: pagtangkilik sa
Boluntaryo	*Wala gani taga-ig sweldo sa among munisipyo	Ekonomikal: paghangad ng makatarungang sahod
Dam	*Kinuter usa ka gallon giaray *Ang indynir atong tabangan Harun ang dam daling mahuman	Ekonomikal: pagpapahalaga sa trabaho Panlipunan: mabuting pakikitungo sa amo at kapwa manggagawa Politikal: pagsunod sa utos ng mas mataas na posisyon
Daygon	*ang bata nga bala-anon *sa bata nga bala-anon	Ispiritual: pagdiriwang ng pasko, paniniwala kay Hesukristo Ekonomikal: pangangaroling
Dayana	*nga lig-on pa ang aong tuhod	Panlipunan: pagiging masigla sa kabila ng pagiging matanda
Dos Compadres	*Kalipay ug kasakit amo kanunay'g tambayayungan *kusog raba kami managan	Panlipunan: pagdadamayan ng magkaibigan Moral: pag-iwas sa away o gulo
Eskwela	*pagbasa sa libro tanang takna *Ang kalipay sa maestro ug ginikanan ta	Moral: pagpapahalaga sa edukasyon Politikal: pagsunod at pagbigay ng labis na importansya sa sinasabi ng guro
Inday Francesca	*Gusto kaayu'g kanding nga laki	Ispiritwal: paglililihi
	*Usa ka bowl siguro ayos na sa bahalina	lokal na produkto Panlipunan: pagiging kontento sa buhay, pagiging palakaibigan
Baki	*Nia'y akong dala, isumsum tang duha *Baki nga dinakpan didto sa lunangan	Ekonomikal: pagkahilig sa eksotik na pagkain
Bida si Lola	*Si Lola gyud sige'g pangarte *Kay musayaw lagi siyan'g Boogie, yeey!	Panlipunan: pagkahilig sa sayaw Politikal: paggalang at pagpapahalaga sa matatanda
Biyuda	*Kung ako'y mangasawa pili-on ko ang biyuda	Panlipunan: iba't ibang preperensya sa pag-aasawa
Kung Ako ang Mani-id	*Labay-labayan lang intawon *sa hagdan pagatagbu-on	Panlipunan: hindi pantay na pagtingin sa mayaman at mahirap
Luhang Nanubud-tubod	*Luha ko day nanubudtubod *Ako nalang ay magpakamatay	Panlipunan: labis na pagdadalamhati dahil sa pagkawala ng mahal sa buhay
Nanay	*Kinsa, kinsa pa ma'y akong paraygan *Kuhaa nalang usab kining kinabuhi	Panlipunan: pangungulila ng anak Politikal: Pagiging mas malapit ng anak sa ina kaysa sa ama
O Gab-i (Dakung Bulahan)	*Ang Diyos sa kahitas-an nanau-ug sa kalibutan	Ispiritual: pagdiriwang ng pasko, paniniwala kay Hesus Ekonomikal: pangangaroling
Preti Beybi	*Hikapon mo pare dayu'g kipi *Ang kamut ay manguyamot sa yuta mo-kumot	Panlipunan: sekswal na pagnanasa sa dalagang probinsyana
SSDO	*Ang tanang mga gasto inutang pa, ipatang pa'g tanto	Ekonomikal: pagiging palautang
Tsitsaron	*Ang baligya mong tsitsaron	Ekonomikal: pagtitinda bilang hanapbuhay

Pagpapahalagang Ekonomikal. Mababanaag mula sa liriko ng mga awiting Ang Buli, Boluntaryo, Dam, Daygon at Tsitsaron ang pagiging mapamaraan sa buhay para lang matustusan ang kanilang pangunahing pangangailangan. Bunsod ng karanasang ito tuwing tag-init at kapos sa bigas, ginagawa nilang alternatibo ang buli gaya ng sinabi sa linyang *tiyempong matinggutom, ang buli pagaputlon*. Natutunan nila ang pagtitipid sa buhay at pagpapahalaga sa trabaho dahil sa mga karanasang ito. Maliban sa pangunahing hanapbuhay na pagsasaka, ginagawa rin nilang pagkakakitaan ang pangangaroling at pagluluto ng tsitsaron. Sa teoryang *Heirarchy of Needs* ni Maslow, ang mga pisyolohikal na pangangailangan ay may kinalaman sa likas na mekanismo ng katawan ng tao upang mabuhay kung saan ay itinuturing na pinakamahalaga at ang iba pang pangangailangan at nagiging sekundarya lamang hanggang matugunan ang mga ito.

Pagpapahalagang Panlipunan. Nangingibabaw sa liriko ang pagiging palakaibigan, pagiging emosyonal, at pag-aasawa. Karamihan sa mga awiting ito ay nabuo at patungkol sa pagkakaibigan kung saan ay kadalasang may inuman, pulutan at awitan. Labis na binigyang halaga ang pagkakaibigan sa ganitong uri ng komunidad kung saan halos lahat ng mga tao ay magkakakilala at magkatuwang sa trabaho, tulad ng isinasaad sa linyang, *kalipay ug kasakit amo kanunay'ng tambayayungan*. Mapapansin naman ang sa awiting *Nanay* at *Luhang Nanubod-tubod* ang malulungkot na mga linya ng pagluluksa at pangungulila dahil sa pagkawala ng kanilang mahal sa buhay. Samantala, iba-iba ang naging perspektibo ng pagnanasang makipagrelasyon ayon sa awiting *Biyuda*, *SSDO*, at *Preti Beybi*. Sa pag-aaral ni Ilo, lumabas na malaking salik ang *intimacy* o ang pisikal at romantikong relasyon o pagniniig, kasama ang dalas ng orgasm, at estilo o kahusayan ng asawa sa pakikipagtalik sa pag-aasawa (4-5). Ibig ipakahulugan nito, ang pakikipagniig ay natural na biyaya mula sa itaas kung kaya, may mga biyuda o biyudo na nag-aasawang-muli. Ang ganitong perspektiba ang maituturing na hindi isyu sapagkat nasa hormones na ito ng bawat tao. Samantala, tinitingnan naman ni Vanover ang mga nangungunang tatlong salik sa matagumpay na pag-aasawa. Ito ay pagkakaroon ng *external support, communication, at time spent together* (43-44).

Nangangahulugan na hindi lang pagniig ang dahilan ng pag-aasawa bagkus naghahanap ng makakasama sa buhay ang bawat tao.

Pagpapahalagang Politik. Binibigyan ng labis na pagkilala at paggalang ang mga guro, at amo. Sa awiting *Eskwela*, mababanaag sa mga linyang *masuko unya ang maestra di ba giinan ta niyang musayo ug mata*, at *pagbasa sa libro sa tanang takna*, na ang bawat mag-aaral ay labis na pinahalalagan ang sinasabi ng kanilang guro. Para sa kanila, ang kanilang guro ang tutulong upang matuto at maiahon ang pamilya sa kahirapan ngunit hindi lahat ay nakapag-aral bunsod na rin ng kahirapan. Sila ay kabilang sa mga *underprivileged* na tinutulungan ng ng *Universal Access to Quality Education Law* (R.A. 10931). Samantala, sa awiting *Dam*, ipinakita sa mga liriko ang iba't ibang uri ng *leadership*. Sa pag-aaral pa rin ni Madanchlan, ipinaliwanag ni Chen et al., na ang *transformation leadership* ay may kakayanang maisalin ang input sa performans awtput ng mga manggagawa upang matamo ang isang tiyak na layunin. Ang relasyong ito ay nagpapakita ng mahusay na pagtugon ng mga manggagawa dahil sa mahusay na pamamahala ng nasa mas mataas na posisyon sa kanila (116). Batay rito, maiuugat sa katotohanang ang mga Sibonganhon ay masunurin sa kanilang amo at may mabuting pakikitungo sa kapwa manggagawa dahil na rin sa maayos na pakikitungo sa pamamahala sa kanila. Ang ganitong pakikitungo ay nagaganap dulot ng magandang pagtrato ng amo sa kanyang mga manggagawa.

Pagpapahalagang Moral. Namumutawi ang pagpapahalaga sa edukasyon, at pag-iwas sa gulo bilang mga pangunahing pagpapahalaga sa kabutihan at kung ano ang dapat. Dahil ang edukasyon ay isang mabisang paraan upang maiahon ang pamilya mula sa kahirapan, itinuturing itong napakagang pamana ng magulang para sa kanilang mga anak. Samantala, kaakibat ng mga awiting tungkol sa pagkakaibigan ang mabuting pakikitungo at pag-iwas sa gulo gaya ng isinasaad sa linyang *kusog raba kami managan*.

Pagpapahalagang Ispiritwal. Nangingibabaw sa mga awitin ang mga daygon o awiting pamasko, at paglilihi. Ang awiting *O Gab-i Dakung Bulahan* ay isa sa pinakamatatandang daygon sa Sinugbuanong Binisaya na naaayon sa buong Kristiyano Katolikong paniniwala ng kapanganakan ni Hesus. Habang nabihisan na sa Katolikong paniniwala ang ma tao,

hindi pa rin nahubdan at tuluyang nawala ang mga paglililihi tungkol sa iba't ibang bagay. Sa awiting *Inday Francesca*, isinalaysay sa mga linya ang pagkakalihi ng bata sa isang kambing at ito ang dahilan kung takot itong maligo. Sa awiting *Ang Buli* naman, makikita sa ikalawa hanggang ikaanim na berso ng awitin ang bakas ng paglililihi bago putulin ang puno ng buli, Magputol sang buli, magtuman sang lihi; *Dili putlo 'g adlaw, putlon la 'g magabi-i; Dili putlo 'g dulom, putlon la 'g mabulanon; Pinutol sa daktol, buli maundanun*. Sang-ayon sa paglililihi, pinuputol lamang ito tuwing gabi, at kapag kabilugan ng buwan upang masigurong malaman ang pinuputol na buli. Sa oras na maputol ito ay nilalagyan naman ng “apog” o abo at binabato ng itlog para mabilis ang pagpulpog. Matapos ang paglililihi, mabilis namang isinusunod ang mga pisikal na hakbang hanggang sa puwede na itong maisaing.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang dalawampung piling awiting-bayan ng Sibonga ay nagsasalamin ng kultura ng mga Sibonganhon na matutunghayan sa tema, simbolismo at pagpapahalagang kultural. Batay sa mga natuklasan at konklusiyong nabanggit, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod: gamiting gabay ang mga natuklasang tema sa pagpili ng mga pampanitikang gagamitin sa pagtuturo, at sa mga komparatibong pagsusuri ng iba pang babasahin upang mas mapalawak ang kaalaman tungkol sa kulturang Sibonganhon; palawakin ang pagpapakahulugan sa mga symbolismong ginamit sa awiting bayan sa pamamagitan ng panayam o interbyu sa mga Sibonganhon, emersyon o *enculturation* upang matumbok ang kontekstwal na kahulugan ng mga ito sa kulturang Sibonganhon; pagyamanin ang mga pagpapahalagang kultural ng Sibonga sa pamamagitan ng integrasyon sa mga asignaturang pampanitikan at pangkultural sa mga paaralan, lalo na sa lungsod ng Sibonga upang mapangalagaan at maitaguyod sariling kultura at pagkakakilanlan; at magsumite ng kopya ng “Bonga sa Karaang Musika: Antolohiya ng mga Awiting Bayan ng Sibonga, Cebu” sa museo at LGU ng Sibonga, upang mapalalim ng mga Sibonganhon ang kanilang sariling pagpapahalaga. Dagdag pa, gawan ng *musical notes* at rekord para sa mga awiting bayang ito upang mas mabisa at mapadali ang pagtataguyod ng kaalaman tungkol sa mga awiting ito. Ang paglikom, pagpapahalaga, pag-iingat, at pagtataguyod ng ating kultura ay parehong karangalan at responsibilidad nating lahat.

ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilan tesis sa Graduate Studies ng Cebu Normal University sa programang Master of Arts in Panitikang Filipino.

SANGGUNIAN

- [1] Abrenica, Alexa P. *Ang Sikolohiya ng mga Awiting Bikol*. Philippine E-Journals Vol 10, 1992: 1.
- [2] Abueg, Efren R. *Kasaysayang Oral: Ang Kapisanang Panitikan, Ugat ng Makabagong Panitikan sa Tagalog*. Philippine E-Journals Vol 10, 1992: 1.
- [3] Basco, Emma. *Mga Dalit sa Aurorahan: Sosyo-kultural na Lente ng Etnisidad ng mga Talisayon*. [8] Presented at the DLSU Research Congress, De La Salle University, Manila. 2014.
- [4] Cosido, Ian Christian P. et al. *Carcar Chicharon: A Potential for Tourism Impact Studies*. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. Vol 3 No. 5, 163-170. December 2015.
- [5] Fuentes, Jed Michael E. at Alvarado, Elsie T. (2018) *Tugmaang Pambata: Diskriminsyong Pangkasarian*. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences. 5(1),
- [6] Hoe, Lok Chong. *Plato and Aristotle: Their Views on Mimesis and Its Relevance to the Arts*. International Journal of Philosophy, 36, 2007: 2.
- [7] Hornedo, Florentino H. *Culture and Community in the Philippine Fiesta and other Celebrations*. University of Santo Tomas Publishing House. Manila, Philippines. 2000.
- [8] Hufana, Nerissa L. *Pagdalumat Sa Mga Sinaunang Di-Materyal Na Kultura Ng Mga B'taan Sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato Mula Sa Kanilang Kwentong Bayan*. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. 2(6) December 2014.
- [9] Magat, Margaret C. *Verbal Arts in Philippine Indigenous Communities: Poetics, Society and History*. Journal of American Folklore. 222-223. Spring 2013.
- [10] Praksis, Miranda. *Isang Eklektikong Paglilinang sa Konsepto ng 'Bayan' sa mga Tagalog na Awiting Liturhikal*. Philippine Sociological Review. 2016, Vol. 64 Issue 1, p47-82. 36p.
- [11] Salanga, Elyrah L. *Buhay-Ritwal: Ang Ritwal sa Kamalayan at Kulturang Pilipino*. Philippine E-Journals Vol 19 2007: 3.
- [12] Vegafria, Lianne Grade J. & Calibayan, Maria Luz D. *Cultural Values Reflected on Folk Songs of Arumanen Manobo in Barangay Renibon, Pigcawayan North Cotabato, Philippines*. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences 3(4) 76-84

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).